# BAGONG TAON, BAGONG PAG-ASA

*by:*
**Monique G. Garcia**
*Casupanan Elementary School*

Anim na buwan ang nakalipas nang mahalal bilang Presidente si Ferdinand Bong Bong Marcos Jr. Simula noon, ang inflation rate ay nagsimula nang tumaas. May mga pagbababago bang naganap sa ating bansa simula nang maupo bilang pangulo si PBBM. O pawang pareho-pareho lang tulad ng mga naunang administrasyon.

Ika-10 ng Mayo taong 2022 nang mapili bilang pangulo si PBBM sa bansang Pilipinas, binoto siya ng nakararami dahil siya ay nangako na pauunlarin at babaguhin ang sitwasyon ng ating bansa nabanggit niya iyon sakanyang press con. Isa sa mga problema ngayon sa bansa ang inflation rate na kanila nang binibigyan pansin upang masolusyunan, sa dami nang taong nagrereklamo sa taas na bilihin, halimbawa na lamang ng diesel, gasoline, sibuyas at iba pa. Ang inflation rate ay kasulukuyang 8% na at lalong tumataas. Maraming nahihirapan sa pag-taas ng bilihin kahit ang mga pangunahing pangangailangan ng tao ay hindi nadin mabilibili. Isa narin ang pagbaba ng minimal wage na inirereklamo ng mga tao. Ang isyu ng pinag-aagawang West Philippine Sea kontra China. Ang walang kamatayang droga na sumisira at kumikitil sa pangarap at buhay ng kabataan. Ang laki ng unemployment rate sa sector ng manggagawa. Ang problema sa edukasyon at kakulangan ng classrooms at mga guro. Ilan lamang yan sa mga di mawala-walang problema na kakambal na yata ng buhay ng tao.

Ang kahirapang nararanasan ng mga mamamayan ay paulit-ulit nalamang. Marami ang nagsasabi na makakaraos din sa araw-araw pero hanggang kailan nga ba ang pagtitiis? Kung matutulungan ang bawat isa para masulusyunan ang problemang

kinakaharap natin ngayon sa pangunguna ng ating Pangulo mas madaling gagalaw ang ating pamumuhay. Ang pag-unlad ng isang bansa o bayan ay hindi lamang ngayon sam namumuno kundi pati narin sa taong bayan sabi nga "Tulong-tulong sa Pagsulong".

*References:*

Manila Bulletin
https://mb.com.ph

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan